# Ano ang Pre-Exposure Prophylaxis para sa COVID-19?

**Gamot na ginawa para hadlangan ang isang virus na dumikit at pumasok sa mga cell ng tao. Pinoprotektahan nito ang katawan laban sa sakit.**



**Ang mga taong may edad na 12 pataas ay maaaring kwalipikado para sa pre-exposure prophylaxis (paraan ng pag-iwas sa sakit bago pa malantad) para sa pag-iwas sa COVID-19 kung ang mga tao ay:**

- **May timbang na hindi bababa sa 88 pounds (40 kg).**
- **Walang impeksiyon ng COVID-19 sa kasalukuyan.**
- **Katamtaman hanggang sa malubhang immunocompromised (may kondisyong nagpapahina ng immune system).**
- **Hindi inirerekomenda ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na makatanggap ng bakuna sa COVID-19.**

### Puwede ba akong makatanggap ng pre-exposure prophylaxis para sa COVID-19 kung nakatanggap ako kamakailan ng bakuna sa COVID-19?

Maaaring mabawasan ng pre-exposure prophylaxis ang immune response ng iyong katawan sa isang bakuna sa COVID-19. Dapat kang maghintay nang hindi bababa sa dalawang linggo matapos magpabakuna sa COVID-19 bago tumanggap ng ganitong paggamot.

### Paano ko ito makukuha?

Tatanggap ka ng 2 hiwalay na iniksyon sa loob ng kalamnan (gamot na ipinapasok nang malalim sa kalamnan).

### Magkano ang gagastusin para dito?

Ibinibigay nang libre ng Pederal na Pamahalaan ang mismong gamot. Maaaring magpataw ang bawat provider ng bayarin sa pangangasiwa na sisingilin sa iyong provider ng insurance na posibleng may copay (babayaran mula sa sariling bulsa) para sa pasyente.

Washington State Department of Health

DOH 825-030 March 2022 Tagalog
Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.